

# KALAYAAN


justice for migrant domestic workers



**TUMAYO  
PARA SA  
KARAPATAN  
NG MGA  
KASAMBAHAY**

# ANO ANG KALAYAAN?

Ang Kalayaan ay itinayo nuong 1987 ng mga tunay na kasambahay at ng mga sumusuporta sa kanila. Kami ang pangunahing charity dito sa UK na nagbibigay payo, pagtatanggol, tulong at suporta sa mga dayuhang kasambahay na pumasok sa UK na kasama, o sasama, sa kanilang amo upang magtrabaho sa kanilang pamamahay lamang. Ang karamihan ng aming tinutulungan ay ang mga taong pumasok sa UK sa ilalim ng visa para sa kasambahay.



## PAYO – PAGTATANGGOL - SUPORTA

Ang Kalayaan ay nagbibigay ng libreng payong kompedensyal at tulong tulad nang:

- Payo ukol sa bagay na pang imigrasyon o trabaho.
- Tulay para sa representasyon at tulong pambatas.
- Tulong para maka rehistro sa doktor.
- Tulay sa suporta at pagpapayong sikolohikal.
- Humanap ng ligtas na tahanan.
- Tulong sa pagsulat ng mga liham, pag kompleto ng mga papeles, at pag-gawa ng mga CV.
- Ang Kalayaan ay isang Pang-unang Tumutugon kaya pwede kaming mag pasa sa National Referral Mechanism (NRM), ang sangay ng gobyerno ng UK sa pagkilala ng mga biktima ng trafficking ng tao.
- Libreng pagtuturo ng Ingles, at LIUK at pagprepara sa kanilang eksamen sa Ingles para sa mga estudyanteng gustong mag-apply para makatira dito sa UK

## **MGA PAGBABAGO SA VISA PARA SA MGA KASAMBAHAY NUONG ABRIL 2012 NA NAKATALI SA KANILANG MGA AMO.**



Ang ibig sabihin:

- Ang mga trabahador ay hindi pwedeng magpalit ng amo
- Ang mga trabahador ay hindi pwedeng mag-renew o pahabain ang kanilang visa ng lagpas 6 na buwan.
- Ang mga trabahador ay hindi maaaring ipilit ang kanilang karapatan bilang manggagawa.
- Ang mga inabuso at inaping trabahador na nakatakas sa kanilang amo at lumalabag sa patakaran ng kanilang visa at pwede mapauwi galing sa UK.

## **ANG MGA KARANASAN NG MGA MANGGAGAWANG MAY VISA NA NAKATALI AY IMPORTANTE PARA MAIPAKITA SA GOBYERNO NA PINADALI NANG MGA PAGBAGO SA BATAS ANG PANG-AABUSO SA KANILA.**

Sinabi ng mga manggagawa sa Kalayan

- Ang kanilang pasaporte at sahod ay hindi ibinibigay
- Pinupwersang magtrabaho ng napakahabang oras
- Natutulog sa sahog
- Kulang ang pinapakain
- Pinagbabawalang lumabas
- Pag-abusong pangkatawan, pangkaisipan, at sekswal
- Tinatratong alipin

# **HUMIHINGI NG PAGBABAGO**

## **ANG DAAN UPANG BUMALIK ANG MGA KARAPATAN**

**2013**

**Ipinahayag ng Gobyerno ang  
“Modern Slavery Bill”**

**Hiningi ng Kalayaan at iba pang  
mga organisasyon na ibalik  
ang mga karapatan ng mga  
manggagawa.**

**2014**

**Dalawang lupong  
pang-parlyamento ang  
nag-rekomenda na iatras ang  
mga pagbabago nuong 2012**

**PEBRERO 2015**

**Ang Gobyerno ay hindi kumbinsado  
na ang PAGKAKATALI sa amo ay  
nakapagpadami ng pang-aabuso ng  
mga manggagawa kaya humingi sila  
na magkaroon ng pagsuring independente.**

**DISYEMBRE 2015**

**Ipinahayag ang pagsusuri**

# DALAWANG REKOMENDASYON MULA SA PAGSUSURI

**1. LAHAT** ng mga kasambahay ay payagang magpalit ng amo at baguhin ang visa na madagdagan hanggang 2 taon na lagpas sa unang 6 na buang visa. 2.5 na taon ang inaakalang pinakamaikling panahon para ma protektahan ang mga inaabusong manggagawa at mabigyan sila ng panahong makahanap ng ligtas na trabaho.

**2. LAHAT** ng mga manggagawa ay dapat dumalo sa isang pulong na kung saan sila tatanggap ng inpormasyon, payo, at supporta sa kanilang mga karapatan (kung sila ay mananatili sa UK ng lagpas ng 42 na araw.)

**NUONG 2016, ANG KALAYAAN AT MGA SUMOSUORTA SA AMIN AY HINILING NA LAHAT NG MGA REKOMENDASYON AY ISAMA SA BATAS PANG-IMIGRASYON NGUNIT ILAN LANG ANG TINANGGAP NG GOBYERNO.**

## PAGBABAGO SA VISA 2016

- Karapatan na magbago ng amo
- Walang karapatan na mapahaba ang visa nang lagpas 6 na buwan
- Tinanggap ang mga Pulong Pang-inpormasyon ngunit hindi pa ipinapatupad

# ANG MGA PAGBABAGO SA VISA NUONG 2016 AY HINDI IBINALIK ANG MGA PANGUNAHING KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA

## NAUKOL SA KATUNGKULAN

- Ang karapatang magpalit ng amo ay bale wala para sa manggagawa kung hindi nila maaring irenew ang kanilang visa
- Kahit may karapatang magpalit ng amo, hindi masusugpo ang pang-aabuso kung walang panahon na maghanap ng maayos na trabaho ang manggagawa
- Ang mga trabahador na umaalis sa nang-aabusong amo ay hindi mabibigyan ng reference
- Kahit may interesadong amo, hindi nito tatanggapin ang mga manggagawa na walang reference at sandali na lang ang nalalabi sa visa



# MGA KASAMBAHAY: SABIHIN SA AMIN KUNG ANO ANG EPEKTO NG VISA SA INYO

- **Mag-rehistro sa amin** – maaaring tumawag sa amin sa **020 7243 2942** o pumunta sa aming Centre para kumuha ng appointment sa isa sa aming mga ekspertong tagapayo.
- **Ibahagi ang inyong karanasan** – pag dumalo kayo sa inyong appointment kinakausap naming kayo ng kompedensyal tungkol sa inyong karanasan bilang kasambahay, at bibigyan kayo ng payo tungkol sa inyong **KARAPATANG** imigrasyon at pagtatrabaho dito sa UK, kasama kung ikaw ay may karapatang mag-trabaho dito.
- **Idokumento ang iyong kwento** – Isusulat ang inpormasyong ibibigay ninyo at ito ay itatago ng Kalayaan, ngunit huwag mag-alala dahil **hindi ipapaalam ang anumang inpormasyong ibibigay mo** sa kaninuman sa labas ng Kalayaan.
- **Ituloy ang ugnayan** – gusto naming malaman ang kinalabasan ng inyong kaso. Ang pag kolekta ng ganitong inpormasyon ay makakatulong sa kampanya ng Kalayaan. Ang pag-gamit ng mga kwento ng hindi kilalang kasambahay ay napakalakas na paraan upang ang gobyerno ay ma impluwensya at lumaban para sa **PAGBABAGO**.

Ang prioridad ng Kalayaan – upang siguraduhin na ang pakiramdam ng mga kasambahay ay sila ay **LIGTAS, TINUTULUNGAN, TINUTURUAN**, at **BINIBIGYAN NG LAKAS** kapag ginagamit ang aming serbisyo

# KUMONTAK SA AMIN

🏠 13 Hippodrome Place  
London, W11 4SF

☎ 0207 243 2942

📞 0207 792 3060

✉ info@kalayaan.org.uk

🐦 @kalayaan

🌐 www.kalayaan.org.uk

**Numero ng Pagpaparehistro  
ng Charity:** 1146596

Regulated ng Office of  
the Immigration Services  
Commissioner

**Numero ng awtorisasyon:**  
N201200050  
(TAGALOG)

